Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG HUNYO 6, 2013 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

***MGA DUMALO:***

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Eduardo C. Aceron | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | - | -do- |
| Kgg. Leonardo A. Andallon | - | -do- |
| Kgg. Juan L. Salas, Sr. | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Klean Rose F. Borbon | - | SK Fed. President |
| Kgg. Diony M. dela Torre | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

***HINDI NAKADALO:***

*W a l a*

x-----------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 13-06-053

**NAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT BUONG PUSONG PAKIKIPAGDALAMHATI SA NAULILANG KAMAG-ANAK, PAMILYA AT MGA KAIBIGAN NG YUMAONG SI KGG. PERPETUO C. CANTOS, DATING PUNONG BARANGAY NG CAMPAASAN AT KONSEHAL NG SANGGUNIANG BAYAN**

**"SAPAGKAT,** isang malungkot na bahagi ng kasaysayan ng Bayan ng Bulalacao ang pangyayaring naganap noong ika-3 ng Hunyo, 2013, dahilan sa pagpanaw ni Kgg. Perpetuo C. Cantos;

**"SAPAGKAT,** sa mahabang panahon, si "Ka Tuwo", kung saan siya ay mas kilala sa turing at tawag, ay naglingkod bilang kauna-unahang Punong Barangay ng Campaasan at naitalagang konsehal ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao noong 1976-1986;

**"SAPAGKAT,** si Ka Tuwo ay nagsilbing inspirasyon at gabay sa kanyang pamilya, sa katunayan ang kanyang apo na si Edna Cantos-Villas ay nahirang bilang Punong Bayan ng Bulalacao;

**"SAPAGKAT,** ang kanyang pagpanaw ay itinuturing na malaking kawalan sa kanyang pamilya at sa pamayanang pinaglingkuran niya at ang kalungkutan at pangungulilang nadarama ay maibsan lamang sa paniniwalang siya sa mga oras na ito ay nasa kandungan ng pangangalaga ng Dakilang Maylikha; **kung kaya't, dahil dito;**

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at buong pusong pakikipagdalamhati sa naulilang kamag-anak, pamilya at mga kaibigan ng yumaong si Kgg. Perpetuo C. Cantos, dating Punong Barangay ng Campaasan at Konsehal ng Sangguniang Bayan;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Gideon B. Abuel, pinangalawahan ni Konsehal Juan L. Salas, Sr., ang kapasyahang ito ay …

**PINAGTIBAY":** Hunyo 6, 2013, Bulalacao, Silangang Mindoro.

---

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**SIXTO O. BARRIENTOS**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**ENGR. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: June 6, 2013

**130607/SOB/jpc**